"Ang isang guro ay isang nilalang na kayang magturo ng pagiging isang guro...tumutulong na maunawaan na tayo ay may kakayahang maging guro at maintindihang tayo ay kaisa ng Diyos. Iyon lang, iyon ang papel ng isang guro."

- Supreme Master Ching Hai

"Ang ating daan ay hindi relihiyon. Hindi ko binibinyagan sinuman sa pagka-Katoliko o Budhismo, o kung anumang relihiyon. Itinuturo ko lamang ang daan sa pagkakakilala sa sarili, ang makilala kung saan tayo nanggaling, kung ano ang ating misyon dito sa mundo, ang matuklasan ang hiwaga ng sandaigdigan, ang maintindihan kung bakit may mga paghihirap at kung ano ang naghihintay sa atin pagkatapos ng kamatayan."

- Supreme Master Ching Hai

"Tayo ay nahihiwalay sa Diyos dahil sa ating pagkaabala sa ibang bagay. Kapag may isang taong nakikipagusap sa iyo, at patuloy ang tawag ng telepono at abala ka sa pagluluto o pakikibalita sa ibang tao, walang sinuman ang makararating sa iyo. Ganyan din sa Diyos. Lagi niya tayong tinatawag ngunit wala tayong oras sa kanya at patuloy natin siyang kinaliligtaan."

- Supreme Master Ching Hai

MAIKLING TALAMBUHAY NI MASTER CHING HAI

Si Ch'ing Hai Wu Shang Sh ay ipinanganak sa Au Lac. Ang kaniyang ama ay isang kinilalang naturopath. Ito'y naging mahilig mag-aral ng literatura ng daigdig at nagtaglay ng tanging hilig sa pilosopiya. Kabilang sa kaniyang mga paborito ang mga kasulatan nina Lao Tsz at Chuang Tsz na naging bukas kay Master Ching Hai nang bata pa. Nabasa ni Master Ching Hai ang mga ito at iba pang mga tekstong Buddhista bago siya pumasok sa mababang paaralan.

Bagama't ang kaniyang mga magulang ay mga Katoliko, sila'y bukas sa Buddhismo. Ang lola ni Master Ching Hai, isang Buddhista, na nakawilihan ni Master Ching Hai na samahan, ay itinuro sa kaniya ang mga kasulatan at pagsambang Buddhista. Si Master Ching Hai ay nagkaroon ng napakabukas na ugali sa relihiyon dahil sa karanasang ito. Siya'y dadalo sa simbahang Katoliko sa umaga, templong Buddhista sa hapon at sa gabi ay makikinig sa mga pagtatalakay ng mga katuruang banal. Ito'y nag-iwan sa kaniya ng maraming mga katanungang espirituwal: "Saan tayo nanggaling? Ano ang buhay sa kabila ng kamatayan? Bakit ang mga tao ay napaka-magkaiba?"

Nang minsan, may kakapusan ng mga manggagamot at nars sa kaniyang bayan, kaya si Master Ching Hai ay tumulong sa pagamutan pagkatapos ng kaniyang mga klase. Nilinisan niya ang mga may sakit, inalisan ng dumi ang mga bedpan at gumawa

ng iba pang mga atupagin sa kaniyang pagsisikap na mapagaan ang paghihirap ng mga tao.

Siya ay malaon nang may malambot na kalooban para sa mga hayop, at nakilalang madalas na nagdadala ng sugatang hayop pauwi, inaalagaan ito at pinakakawalan ito. Kapag nakita niya ang isang hayop na kinatay, siya'y iiyak, nagnanais na sana'y mahadlangan niya ang paghihirap sa mundo. Siya ay buong-buhay na naging makigulay, at malaon nang namumuhi sa pagpapatay, at ng karne.

Siya'y ilang panahong nagtrabaho sa Alemanya bilang isang tagasalin ng Red Cross. Siya'y nagsalin sa wikang Au Lac, Pranses, Aleman at Ingles, at nagtrabaho ng mahabang oras sa paglilingkod sa mga takas mula sa Au Lac, kahit ikapinsala ng kaniyang sariling kalusugan at kaginhawaan. Inilagay ng kaniyang trabaho sa Red Cross si Master Ching Hai sa kaugnayan sa mga refugee mula sa maraming mga bansa. Tuloy-tuloy niyang namalas ang pagdurusa at kaguluhang dulot ng mga digmaan at kapahamakang natural. Nagdanas si Master Ching Hai ng malaking pagtitiis habang kaniyang pinagpupunyaging pagaanin ang nakita niyang paghihirap, at napaghulo kung gaano ka-imposibleng mapigil ng isang tao ang pagdurusa ng sangkatauhan. Ito'y lalong nagpalakas sa kaniya tungo sa kaliwanagan, habang nahinuha niya na tanging ito lamang ang maaaring magpagaan sa pagpapakasakit ng sangkatauhan. Kaya, habang namumuhay sa Uropa, lalo pa niyang pinagbuti ang kaniyang pagninilay. Siya'y naghanap ng mga bagong guro, nagbasa ng lahat ng kaniyang matagpuan at isinagawa ang maraming mga pamamaraan. Subali't madalas niyang naramdaman na ito's hindi mabisa, at hindi niya nararanasan ang mga kaganapang espirituwal na kaniyang nabasa sa mga kasulatan, at hindi rin siya umaabot sa kalagayang naliwanagan. Ito'y masyadong nakabalisa sa kaniya.

Habang nasa Alemanya, si Master Ching Hai ay masayang namuhay kasama ng kaniyang asawang siyentipiko. Ito'y doktorado sa dalawang kalarangan ng pag-aaral. Ito'y mabait, maalalahanin, at matulunging asawa. Ito'y naging makigulay, naglakbay kasama ng kaniyang asawa sa panatang-lakbay, at napaka-*supportive* sa kaniyang mga kawang-gawa. Nang malaon, naramdaman ni Master Ching Hai na kailangan niyang iwanan ang kaniyang kasal upang sundin ang kaniyang mga pakay espirituwal. Pinag-usapan nila ito ng mabuti ng kaniyang asawa, at ang paghihiwalay ay may pagsang-ayon nito. Ito'y naging napakahirap na kapasiyahan para sa kanilang dalawa, subali't malakas niyang nadama na ito ang tamang kapasiyahan para sa kaniya at na kailangan niyang gawain ito upang hanapin ang kaliwanagan.

Matapos iwanan ang buhay may-asawa, hinanap ni Master Ching Hai ang ganap na pamamaraan na maaaring magturo sa isa na maka-abot sa pagkalaya sa isang talambuhay. Sa Surangama Sutra, sinabi ni Sakyamuni Buddha na ang Pamamaraang Kuan Yin ang pinakamataas na pamamaraan. Wala sa kaniyang mga guro ang nakaaalam sa pamamaraang ito. Ang paghahanap ni Master Ching Hai para sa isang naliwanagang master, na makapaglalahad sa kaniya sa pinakadirektang daan tungo sa Diyos, ay nagdala sa kaniya sa mahigit na talumpung mga bansa sa loob ng pitong taon. Siya'y dumalaw sa maraming mahahalagang mga pook espirituwal at mga ashram, na laging umaasang matatagpuan ang master na para bang naramdaman niyang naghihintay sa kaniya Matapos na maglingkod ng walang tigil sa maraming mga ashram, ang kaniyang kamangha-manghang paghahanap sa huli ay dumating sa pinakamatayog at misteryosong bulubundukin sa mundo, ang Himalaya, ang pook na sa maraming daangtaon ay pinaniniwalaan ng mga Indian na luklukan ng mga diyos. Ang debosyon ni Master Ching Hai sa Diyos ay nagbigay-lakas sa kaniyang mapagtagumpayan ang maraming paghihirap sa paglalakbay ng mag-isa sa kabundukan.

Sa kaniyang huling pagtahak sa tahanan ng mga diwata, si Master Ching Hai ay nagsimula, ng gaya ng dati niyang nakagawian, na may dalawang set ng damit, isang pares ng sapatos, isang sleeping bag, isang bote ng tubig, ilang aklat at isang tungkod. Siya'y naging madalas na basa at nanlalamig habang siya'y pumapaitaas ng pumapaitaas. Habang siya'y pumapalayo, isa-isa niyang iniiwan ang mga dalahin upang makapagtabi ng lakas. Sa huli nabitiwan na niya ang lahat ng dala at inilagay na ang kaniyang buhay sa mga kamay ng Diyos. Ang lahat ng bagay ay dumarating sa mga naghahanap sa Diyos at sa Diyos lamang. Kaya isang araw natagpuan niya ang master na kaniyang ninanais. Ang master na iyon ay ang dakilang gurong Khuda Ji, na namuhay ng mag-isa sa Himalaya. Si Master Khuda Ji ay 450ng taong gulang nang kaniyang *i-initiate* si Master Ching Hai sa Meditasyon ng Taginting at Tanglaw. Siya'y matiyagang nanatili sa kaniyang tahanan sa Hinalaya na naghihintay kay Master Ching Hai. Si Master Ching Hai ay naging una at tanging disipulo ni Master Khuda Ji. Bagama't napagsanayan na ni Master Ching Hai ang meditasyong ito noon, iginawad sa kaniya ni Master Khuda Ji ang sukdulan na pagsasalin. Matapos ang kaniyang karanasan kay Master Khuda Ji, si Master Ching Hai ay nanatili sa Himalaya ng ilang buwan na nagsasanay sa meditasyon. Pagkatapos ng maikling panahon ng pagsasanay ng Kuan Yin, siya'y naging ganap na naliwanagan.

Nang malaunan, naglakbay si Master Ching Hai upang tanggapin ang ganap na ordinasyon bilang madreng Buddhista. (Natanggap na niya ang mga panatang bodhisattva at panata ng mga Dasanami Svami sa India.) Nilisan niya ang India, subali't saan man siya nagtungo, hinuho ng mga tao ang kaniyang kaangatang espirituwal. Dahil mahiyain, hindi naghangad si Master Ching Hai ng mga estudyanteng tuturuan. Sa totoo, siya'y tumakas mula sa mga taong naghahangad ng kaniyang inisasyon. Ito'y nangyari sa India, at sa Estados Unidos kung saan niya sinunod ang tahimik na

pamumuhay ng isang madreng Buddhista. Wala siyang pagnanasang makaakit ng mga tagasunod; subali't kahit na gaanong ulit niyang tinakasan ang mga sa kaniya'y nakakatuklas, dumarating pa rin sila.

Sa huli, sa Taiwan, gaya ng nangyari sa India, Mew York at iba pang pook, siya'y natagpuan ng isang grupo ng mga spiritual seeker na iginabay sa kaniya. Nang panahong iyon, siya ay namumuhay ng hindi kilala sa likod ng isang maliit at hindi gaanong kilalang templo. Isang gabi, nang bumabagyo ng malakas, habang suya'y nagninilay sa isang silid, isang tipon ng mga tao ang kumatok sa kaniyang pintuan. Nang tanungin sila ni Master Ching Hai kung bakit sila nadating, sila'y sumagot, "Tinugunan ni Kuan Yin Pu-Sa ang aming panalangin at sinabihan kami tungkol sa iyo, na ikaw ang dakilang Guro at kami'y nararapat na manalangin sa iyo para sa pamamaraan upang makaabot sa pagkalaya." Sinikap ni Master Ching Hai na sila'y paalisin subali't ayaw nilang umalis. Sa malaon, si Master Ching Hai ay nabagabag sa kanilang katapatan at debosyon at sumang-ayon na i-*initiate* sila matapos ang ilang buwan ng paglilinis at ang kanilang pagsang-ayon na sumunod sa diyetang makigulay.

Nang siya'y matuklasan sa pangatlong pagkakataon sa Taiwan, nahinuha niyang hindi marapat na siya'y tumakas mula sa di-mapipigilang tungkulin na darating. Nagsimula siyang magtalakay sa lahat ng nagnanais na makarinig sa kaniyang mensahe ng katotohanan, at ang mga matapat na mag-aaral ay sinimulan niyang i-*initiate* sa Pamamaraang Kuan Yin.

Mula rito sa maliit na tipon, ang gawain ni Master Ching Hai ay umabot sa libu-libong tao sa Taiwan. Nilakbay din niya ang palibot ng mundo upang ibahagi sa mga tao ang mensahe ng katotohanan, kaliwanagan at kalayaan. Kabilang na rito ang 1993 world lecture tour nang kaniyang dalawin ang 24 na lungsod sa 16 na

bansa. Maraming tao buhat sa iba't ibang mga kalakaran ng buhay at mga relihiyon, ang nakagawa ng malaking progresong espirituwal kasama ng kaniyang pagtulong. Matatagpuan sa palibot ng mundo ang mga kaibigan at disipulo na handang tumulong sa mga nagnanais na matuto mula sa kanilang minamahal na Master. Bukod sa pagtulong sa di-mabilang na mga tao sa pamamagitan ng kaniyang mga katuruang espirituwal at inisasyon, ginamit ni Master Ching Hai ang kaniyang lakas upang tumulong sa mga naghihirap at nangangailangan. Nitong mga huling taon, ang kaniyang gawaing makatao ay nakatulong sa buhay at tumimo sa mga puso ng milyon-milyong mga tao sa palibot ng mundo. Hindi pinag-iiba ni Master Ching Hai ang paghihirap na dulot ng ignoransyang espirituwal, kasalatang materyal, o mga dulot ng panahon. Saan mang may paghihirap, siya'y tumutulong.

Ang ilan sa kaniyang mga gawaing makatao ay kinabibilangan ng pagtulong sa: mga walang tahanan sa Estados Unidos; mga biktima ng sunog sa timog California; mga biktima ng baha sa Estados Unidos, Tsina, Malaysia, Au Lac, Holland, Belgium at Pransya; mga matatandang mahihirap sa Brasil; mga nawalan ng tahanan dahil sa pagputok ng bulkang Pinatubo sa Pilipinas; mga biktima ng kalamidad sa hilagang Thailand; mga maralita sa Formosa at Singapore; mga pasyente ng ketong sa Molokai, Hawai'i; mga sambayanang espirituwal sa India, Alemanya at Uganda; mga pamilyang may batang *retarded* sa Hawai'i; mga biktima ng lindol sa Los Angeles; mga beteranong Amerkano; mga ampunan sa Au Lac; mga samahan ng pananaliksik sa AIDS at kanser sa Estados Unidos; at marami pang iba.
Bagama't hindi siya naghangad ng anumang pagkilala, dahil sa kaniyang makataong gawa, si Master Ching Hai ay pinapurihan at pinarangalan ng mga opisyal ng mga pamahalaan sa palibot ng mundo. Kabilang na rito ang "World Peace Award," "honorary US citizenship" at "Ching Hai Day" noong Oktubre 25, 1993 mula sa alkalde ng Honolulu, at ang "World Spiritual Leadership Award"

at "Ching Hai Day" noong Pebrero 22, 1994 mula sa mga gobernador ng Illinois, Iowa, Wisconsin, Kansas, Missouri at Minnesota, kasabay ng pagbati nina Presidente Clinton, Bush at Reagan. Nitong mga huling taon, nag-abala rin si Master Ching Hai sa sining. Ang kaniyang mga likha ay kinabibilangan ng mga painting, abaniko, lampara, disenyo ng damit, at awit. Ang marami dito'y ipinagagamit para sa *fundraising*.

Si Master Ching Hai ay may isang di-pangkaraniwang malawak na pananaw para sa lahat ng mga relihiyon. Napag-aralan niya at itinuturo ang mga salita nina Hesus, Buddha, Lao Tsz at marami pang iba. Palagi niyang ipinapakita ang mga pagkakatulad ng mga dakilang katuruan at tinitulutan tayong makita sa kaniyang mga mata kung paano ang lahat ng mga dakilang master ay ipinangangaral ang kagayang katotohanan. Madalas niyang ipinaliliwanag kung paano ang mga iba't ibang pangrelihiyong pananaw ay nag-usbong dahil lamang sa pagkakaiba ng mga kurukuro ng iba't ibang mga tao sa iba't ibang mga bayan sa iba't ibang mga panahon. Ang daan ng meditasyon sa Taginting at Tanglaw ay tinawag niyang Pamamaraang Kuan Yin dahil ibinigay niya ang kaniyang mga unang pagtuturo sa publiko sa Formosa.

Sinabi ni Master Ching Hai sa amin na hindi siya dating nasa sa kaliwanagan. Namumuhay siya ng normal na buhay, at alam mula sa karanasan, ang ating mga suliranin, ating mga sama ng loob, mga simbuyo, mga paghahangad, at mga alinlangan. At alam rin niya ang mga kalatagang-langit, at kung paano makakarating mula rito paroon. Ang kaniyang tanging tungkulin sa puntong ito ng kaniyang buhay ay tulungan tayo sa katiwasayan at buong kalinawan ng ganap na banal na kaunawaan. Kung ikaw ay handa, narito siya upang ikaw ay dalhin pauwi!